“You’re an a*shole.”

“You just figured that out?”

“Two weeks,” she bit out. “I’ll do whatever you want in two bloody weeks. That’s it. If you don’t want that, go ahead and do whatever you want. I don’t freaking care!”

Impit siyang tumili at ibinaon ang mukha sa mga palad.

What was she doing? She should just come clean and tell her parents and teachers about what she did. Mas malala ang pinapasok niyang ito. Para siyang umiwas madulas para lang malunod. Walang sense na makipag-

usap sa mga kagaya ni Rad. He would ask and ask and ask, and it would be more demanding each time. She should just—

“Fine. Two weeks.”

Marahas na umangat ang mukha ng dalaga.

His hard mouth thinned in annoyance, and a muscle ticked in his jaw. He looked like he had tasted something bitter, and he wanted to spit it out on her face. “Two weeks. You’ll do everything I say in two weeks.” Itinulak nito ang sarili palayo sa bintana at malalaki ang hakbang na tinungo ang pinto.

“You mean—”

“Shut up,” marahas nitong putol sa kanya sabay hinila pabukas ang pinto. “Meet me at the gate after class.”

Lumabas ito at ibinalibag pasara ang pinto.

3

“Yelena, don’t do this!” Pumulupot ang mga daliri ni Melissa sa braso niya at namimilog ang mga mata nang umiling sa kanya. “Baka ano’ng gawin n’un sa ‘yo!”

“Oo nga, Yelena.” Hinawakan din siya ni Desiree sa balikat. “We don’t know him, and now he’s blackmailing you. Delikado ‘to.”

“I know.”

Tumingala siya sa kisame habang nakahawak sa counter. Malamig ang semento at lalong nakadagdag iyon sa panlalamig ng kanyang mga kamay. Napatitig siya sa salamin ng girl’s restroom. Medyo namumutla siya dahil sa kaba.

“I know. Chances are, he won’t hold his end of the bargain. Ang totoo, we haven’t even talked about his end of the bargain. I have to clear that with him. He has to destroy all copies after two weeks. But of course, ano’ng assurance ko, di ba? Ang naiisip ko na lang ngayon, maybe I can find out something about him in these two weeks and use that against him.”

“Still too dangerous, girl,” pilit ni Melissa.

Niyakap siya ni Desiree mula sa likod. “We’re so sorry, Yelena. Dapat hindi ka namin pinilit—”

“It’s my fault. I kissed him.”

Bumuntong-hininga ang dalawa.

“He’s still an a*shole,” usal ni Desiree.

“I second the motion,” dagdag ni Melissa. “Anyway, here.”

May kinuha ito mula sa bag at inilagay sa kamay niya. Pepper spray at taser iyon. “Dalhin mo. My brothers gave that to me. Be careful, okay?”

“Yes, thank you.”

Bumukas ang pinto ng restroom at pumasok ang isang estudyante. They’d better get out now before somebody overhears them talking about her problem. The last thing she needed was more complications. Ipinasok ni Yelena sa bag ang mga ibinigay ni Melissa at lumabas sila ng restroom.

“Tatawag ako sa bahay para sabihing hindi agad ako uuwi at nasa bahay n’yo ‘ko, Melissa, for a school project.”

“Sige, okay lang. I’ll cover for you.”

Thank God for her friends. Matamlay na ngumiti si Yelena at bumalik sila sa classroom. Agad nahila ang mga mata niya sa upuan ni Rad.

And there he was, lounging like a king as their classmates surrounded him. He looked bored as he sat there, a polite smile on his hard mouth, a passive haze in his dark eyes.

“The red *Ferrari* outside is yours?” manghang tanong ni Paul, isa sa mga classmates nila at captain ng basketball team ng kanilang school. Kasing-tangkad ito ni Rad at malaki rin ang pangangatawan. Mestizo rin ito gaya ng

huli. But unlike their new classmate, Paul looked cute and harmless.

“Yes.”

“Wow. I want that for graduation, but I think I’ll be stuck with a *BMW*. Hey, you play basketball?”

“Sometimes. But I’m not particularly good at it.”

“Hindi nga?” Tumawa si Paul. “Yang tangkad mong ‘yan? Subukan natin minsan, siguradong lalakas lalo ang team natin kapag sumali ka.”

The other guy merely smiled, and lifted his gaze to meet hers.

Gusto ni Yelena na bigyan ito ng dirty finger. His smile turned cocky, but his dark eyes hardened like diamonds.

Pilit niyang iniwas ang tingin dito at lumapit na sa upuan niya. She could feel his gaze as she sat at her desk.

“Class, take your seats,” bungad ng English teacher nila.

“Let’s play ball some time, Rad,” alok ni Paul bago bumalik sa upuan nito.

Kumuha ng marker ang teacher nila at isinulat ang *Animal Farm* sa whiteboard. She stared hard at their teacher’s short curly hair and tried her best to forget about the terrorist sitting behind her.

“Everyone has read the book, yes?” Humarap si Miss Cruz sa klase.

Nagtaas ng kamay si Jason.

“Yes, Jason?” tawag dito ng teacher.

“We have a new classmate, Ma’am.”

“Oh, yes.” Hinagilap ng tingin nito ang lalaki, at sumilay ang ngiti sa maamo nitong mukha. “Rad Javier, yes?”

“Yes, Ma’am,” narinig niyang sagot ni Rad.

“You haven’t read the book yet, I supposed. That’s alright—”

“I’ve read the book, Ma’am.”

Bumakas ang gulat sa mukha ng may-edad nilang guro pero tumango ito. “That’s good. Well, now, does anyone want to share his or her opinion about the book?”

Nagtaas si Yelena ng kamay. Literature was one of her favorite subjects. She would take Business Administration in college. Naturally, nasa *Accounting, Business and Management* strand siya ng senior class nila. But even so, she still planned to take higher literature classes in college just to enjoy herself in.

Ngumiti sa kanya si Miss Cruz. “Yelena, what can you tell us about the book?”

“I find it very interesting. The book is obviously a symbolic representation of a totalitarian system, particularly, Joseph Stalin’s regime after the Russian Revolution of 1917.”

Tumango ulit ang kanilang guro. “What made you say so?”

“In the beginning of the book, the animals were disgruntled by the treatment of the men. They complain about the hard work and the injustice of being worked to the bone. It reflects the woes of pre-Russian revolution. The peasants were increasingly getting dissatisfied by the hard labor forced upon them and burgeoiose lifestyle of the elite ruling class. It’s one of the main reasons of the revolution. After the revolution, Stalin imposed a socialist

system that was meant to make everyone equal. The same is true in the book. Pig made rules that were supposed to make everyone equal. But just like how the socialist system failed to impose equality, the rules in the farm failed to equalize everyone.”

Tumango ang teacher nila at binalingan ang ibang kaklase. “Why do you think is that so? Why did the system fail?”

Nagtaas ng kamay si Luigi, ang currently third rank ng section nila. “The people in power are the problem, Ma’am. Just like Stalin, Pig became power-hungry and wanted to control everyone. The same can be argued about North Korea. The people in power abuse the system and the people. They keep the power centralized in order to remain more powerful. Ideally, Communism should start with dictatorship, much like a Totalitarian System. But the end goal is an egalitarian society. It doesn’t happen. Dictatorship just goes on and on because people in power want to remain in power.”

Nagtaas ulit si Yelena ng kamay at tinawag ulit siya ni Miss Cruz. “I agree with Luigi, Ma’am. The people in power are the problem, but I think the system itself is problematic. Socialism, or Communism for that matter, rests on the principle that people are inherently good. Marx visualized Communism partly due to the influence of the scientific enlightenment period. He wanted to apply the same rules used in hard sciences in social sciences. He failed to realize that people are not as predictable as the elements in nature.”

“Is Communism impossible, then? Is Capitalism our only choice?” tanong ng guro sa klase.

Muli siyang nagtaas ng kamay. At dahil walang ibang gustong sumagot, nakangiting tinawag na lang ulit siya ng teacher nila.

“Yes, Ma’am. I believe Capitalism is the best economic system available. The fall of the Soviet Union is a good example. The abuse and hardship endured by North Koreans is also a prime illustration. Communism is just not possible. Equality is nice, but it’s hardly possible. Meritocracy and competition, two of the main tenets of Capitalism, are the best options to run the society. We should let the market run itself. The government should not control the free market. Centralizing power is very dangerous and inefficient.”

Binalingan ng teacher ang klase. “Do you agree, class?”

“I disagree.”

Napatuwid ang likod ni Yelena nang marinig ang boses ni Rad. Hindi niya napigilang lingunin ito.

Nakasandal pa rin ang lalaki sa likod ng upuan nito, bagot na nakatitig sa harapan. Then, his gaze drifted to hers, his expression still bored and cold.

“Why do you disagree, Rad?” tanong ni Miss Cruz, puno ng interes ang tono.

“Capitalism is just as problematic as Communism. The principles of meritocracy and competition rest on the basis that people are equal, that there are no externalities to hamper competition and flow of information. Which, obviously, is not the reality. To assume otherwise is stupid

and delusional. Meritocracy and competition can only work in a perfect system where everyone starts on an equal playing field, everyone has the same equal access to resources. There is no meritocracy in a capitalistic system. It is merely a delusional principle propagated to keep the system alive.”

Nagtaas ulit si Yelena ng kamay kaya tinawag siya muli ng guro. “There is meritocracy in a capitalistic system. People are rewarded according to their merits. You work hard and get the fruits of your labor. To each his due. Competency and ability is the basis for reward. Competition is the best way to run a system.”

Hindi na nag-abalang magtaas ng kamay si Rad. “That is only possible if everyone has the same starting point. You cannot assess a person who grew up with nothing the same way you assess a person who grew up with everything. To do so would be inaccurate and disserving. Brain development starts at three-month pregnancy. If the mother did not get the right nutrients while pregnant, the child’s brain development is greatly hampered. As the child grows up, the next six years are crucial for further brain development. Those who grow up in disadvantageous families who barely had anything to eat would not get the right nutrients necessary for brain growth. At this point, the child is already at a disadvantage. As this child grows older in an environment where basic needs are hardly met, the disadvantages pile up. And now you want to judge this child according to his competency when the government fails to provide him with the proper environment and

support needed to help him.”

“People always have a choice.” Hindi na rin nag-abala si Yelena na magtaas ng kamay. “People can do something to help themselves, you cannot lean on government for everything.”

Sarcastic na ngumiti ang lalaki. “Do you really believe that? Choice? Between what? Be burned alive or jump from the rooftop of a burning building? You call that choice?” Umiling ito at tumitig sa teacher nila. “This is the problem with privileged kids. They live in a bubble where they think everyone has the same choices as them. They’re not in touch with reality. What kind of choices does a child who grew up with nothing have? A child who has been hampered from birth.” Binalingan siya ni Rad. “Have you ever been hungry, Yelena? And I’m not talking about starving yourself to keep your weight under one hundred pounds.”

Naramdaman niya ang pamumula ng mukha.

Nanatili ang nakakaloko nitong ngiti. “Of course, you haven’t. And you talk about meritocracy. How can a child who hasn’t eaten dinner and breakfast compete with a child who has full meals everyday? How can you expect the child to concentrate on reading and solving math problems when his stomach is growling? Is that the basis of your meritocracy? Is that what you call competition? Wow. I seriously hope you don’t plan to run for any government position.”

The whole class went silent. She could feel all eyes on her. Alam ng dalaga na pulang-pula ang mukha niya at

naramdaman din niyang nanginginig nang kaunti ang kanyang mga kamay. Rad had essentially called her stupid, delusional and out of touch with reality in a span of three minutes.

“People have choices,” diin niya. “The parents should have—”

“Ah, now you’re blaming the parents.” Umiling ito at bagot na tumitig sa harapan. “The parents who went through the same circumstances as the child. You expect them to provide for their children when they themselves were not equipped to do so. You expect them to make good choices when the choices were not even there to begin with. You condemn people who never even had the chance to defend themselves. You call that fair? That’s the way you want to run the system? That’s the way you want people to compete? If you leave the market alone without proper government intervention, people will eat each other. You’re just as naïve as Marx. You say Communism rests on the principle that people are inherently good, and you said that’s the reason for its failure. And yet you also believe the market will function smoothly and fairly on its own. The market, dear Yelena, is still run by people. Yet you believe the market will be fair and just to everyone. Naïve, aren’t you? Leave the market alone, and the people in power will dominate the system, they will take advantage of the weak and will propagate a vicious cycle where the helpless will remain helpless and the powerful will remain powerful. That’s the reality of free market.”

Bumuka ang bibig ni Yelena, pero ayaw gumana ng

utak niya. Ang lakas ng bugso ng dugo sa kanyang tainga at parang tambol sa lakas at bilis ang pagtibok ng puso niya.

Nag-ehem ang teacher nila. “Very good, both of you. You both have valid points. A Communist system is inherently problematic due administrative difficulties. It’s difficult if not entirely impossible for the government alone to provide for all the needs of the people. Centralizing power and functions is both inefficient and ineffective. And yes, Capitalism has its own flaws and failures. That’s why we have social support programs and government restrictions to regulate the market and even-out the playing field. Jason!” masiglang tawag nito sa kaklase nila.

“Ma’am!” gulat at may halong takot na sagot ng huli.

“Tell us more about the injustices experienced by the characters in the book at the hands of Pig.”

Nagpatuloy ang discussion, pero ramdam pa rin ni Yelena ang tension sa hangin. Ramdam niya ang pagsulyap-sulyap sa kanya ng mga kaklase na para bang hinihintay siyang umiyak.

She kept her mouth shut and her fists clenched.

4

“**H**e is such an a*shole,” deklara ni Melissa habang naglalakad sila papunta sa gate ng school.

Hindi siya umimik at nanatiling nakatikom ang mga labi.

“But you have to admit,” singit ni Desiree, “may point siya. I mean, that’s why we have social programs, di ba? To equalize the system and...” Pinandilatan ito ni Melissa kaya tumikom ang bibig.

Nginitian niya ang mga kaibigan. “It’s okay. I do agree that he has a point.”

Dumerecho sila sa gate.

“But he’s still an ass,” patuloy ni Desiree. “Sayang ang guwapo pa naman niya. He could have stressed his point without being so... vicious. He’s so mean! He practically called you an idiot, shallow and a spoiled rich br-” Hinila ni Melissa ang buhok nito. “Aw!”

Maikli siyang tumawa sa dalawa.

“It’s okay,” ani Yelena, kahit na parang may mabigat na nakadagan sa kanyang dibdib. “That only shows how much of an ass he is.”

Tumango si Desiree. “Siguro ipakulam na lang natin siya.”

Sa kabila ng lahat, nagawa nilang tumawa.

“I’m serious!” pilit ng kaibigan nila nang palabas na sila ng gate.

“Sige,” aniya, “susubukan kong kumuha ng buhok niya at—”

“Oh, you’re interested in Biochemistry, too? That’s great!”

Natigilan siya nang marinig ang high-pitched na boses ni Geraldine. Nagtaas siya ng tingin at nakita ang babae na nakasandal sa isang pulang sportscar. Nakangiti ito at namumula ang mabibilog na pisngi habang nakikipag-usap kay Rad.

“My uncle’s a chemist,” patuloy ng kaklase nila. “He’s in this project where they’re using spores to siphoned oil spills. It’s very interesting. Want to go with me some time and tour the lab? My uncle would love it.”

She watched Rad’s lips curve into a smile as he stared at Geraldine. “Sure, let’s set a date.”

Halos mapunit ang pisngi ng chubby nilang classmate sa pagngiti. “That’s great! I have some copies of his projects when he was still in college, you might want to look at them, too.”

“I do. Your uncle’s researches seem interesting. I have some papers you might want to look at, too. I’ll bring them some other time.”

“Oh, that’s really awesome, Rad!” Tumatawang hinawakan nito sa braso ang lalaki.

Nakangiting tumango lang ang binata. The soft smile

and the faint glow in his eyes as he talked to Geraldine made in her stomach curl. Nagtaas ito ng tingin at nagtama ang kanilang mga mata. His smile faded, his dark eyes cooled and his jaw hardened.

Lalong humigpit ang buhol sa kanyang sikmura.

His body language changed, too. From comfortable and relaxed, his muscles hardened into tense lines. Sumandal ito sa sports car at inihilig bahagya ang ulo habang nakatitig sa kanya. She could practically taste the derision radiating off his skin as his dark eyes followed her.

Pilit niyang hinarap ang dalawang kaibigan. “Sige.”

“Call us when you get home, okay?” paalala ni Desiree at hinalikan siya sa pisngi.

Gumanti siya ng halik sa dalawa.

Pinilit niya ang sariling humakbang palapit kay Rad. His eyes remained cold as he watched her walk toward him.

“Oh, Yelena!” gulat na bati ni Geraldine.

Tinapunan niya ng tingin ang kaklase. “Geraldine.”

May mayabang na kinang sa mga mata nito. “Why are you here? Wala pa ang sundo mo—”

“See you tomorrow, Geraldine,” mababang paalam ni Rad sa babae.

Napatuon sa binata ang namilog sa gulat na mga mata nito. Pero agad ding nagsalubong ang mga kilay ng babae nang binuksan ni Rad ang passenger seat para kay Yelena.

“Oh, you two know each other?” May talas sa tono nito. “I mean you two know each other before you transferred

here?”

Rad's cold gaze never left her face. "Something like that. Get in, Yelena."

Napakalayo ng matigas nitong boses sa tuwing nakikipag-usap sa kanya sa mahinahon at relax nitong tono kaninang nakikipagkuwentuhan ito kay Geraldine. Nilunok niya ang mapait na lasang umahon sa kanyang lalamunan, at walang imik siyang pumasok sa kotse.

Isinara ni Rad ang pinto niya saka tumango ito kay Geraldine bago umikot sa kabilang side ng kotse.

She felt suffocated the moment he entered the car. He slid beside her, his big warm body moving beside her with the grace of a sleek cat. The heat of his body, the clean scent of his skin, they filled the car and engulfed her. They saturated her senses until it felt like all she could breathe and feel was him.

"Seatbelt," he said. He leaned over her and her whole body stiffened. Hinila nito ang safety belt sa gilid niya kaya dumampi ang braso sa balakang niya. Parang may init na pumintig sa parteng iyon ng kanyang katawan saka umakyat sa ibang bahagi.

Napakalapit ni Rad, she could smell the faint scent of his shampoo and soap. His gaze flickered to her eyes and her heart stopped beating for second. His jaw worked, then he tore his gaze away from her. Mabilis din itong tumuwid sa upuan nito.

Sandali siyang pumikit at huminga mula sa kanyang bibig. "Where are we going?"

“My place.”

Pinilit niyang huwag mag-panic. Surely, may kasama ito sa bahay. Naroon ang mama nito, kapatid, o kasambahay, hindi ba?

God, this idea was starting to sound more and more stupid with every passing minute.

“Let’s set some rules here,” simula ni Yelena, pilit pinatatag ang boses. “You have to destroy all the copies after I do everything you want me to do in two weeks.”

Binuhay nito ang makina at sinulyapan siya mula sa rearview mirror. “Sure.”

Gusto niyang sumigaw sa inis. Yeah, right. Sure her ass. As if gagawin nito iyon nang ganoon kadali.

The engine purred smoothly, and the power vibrated through the floor of the car, and shot up to her legs. The rhythmic pulse teased her muscles, and she felt heat spreading across her skin. Napakuyom-palad si Yelena. What the hell was happening to her?

She felt hot and...

Oh, God. Gusto niyang inuntog ang noo sa bintana ng kotse. Inis na ibinaling niya ang titig sa labas ng bintana at tumitig sa mga dinadaan nilang bahay.

“And just to make it clear,” matigas niyang patuloy, “I won’t do anything remotely sexual for you. I won’t steal, I won’t do anything illegal—”

“Of course, because using fake ID is not illegal.”

“Why are you so angry with me?” bulalas ng dalaga, hindi na mapigilan ang sarili. Naramdaman niya ang pag-

iinit ng mga mata, at kumuyom-palad siya. “Why is it that you’re so mean and–”

“Angry with you?” Rad’s smile remained sarcastic. “Masyado mong binibigyan ng importansya ang sarili mo. I’m not angry with you. I’m bored.”

“No, you’re not,” mainit niyang kontra. “You’re angry with me. I think you even hate me. And I don’t understand why. Wala naman akong ginawa sa ‘yo. Ganyan ka na sa club. You looked at me as if I was trash. And this morning, then, this afternoon during English. It’s like you’re determined to humiliate me.”

Pagak itong tumawa. “You really have a heightened sense of self-importance, Yelena. Determined to humiliate you? Naririnig mo ba ang sarili mo? I disagreed with you on a topic, and everything I said is true. Talaga namang hindi mo naiintindihan ang sinasabi mo. And now, just because I disagreed with you, you think I have a personal grudge against you? Ganyan ba ang tingin mo sa lahat ng taong hindi sumasang-ayon sa ‘yo? Tingin mo, may galit sila sa ‘yo? Ever heard of the term ‘conceited’?”

“You’re twisting the situation and you know it. You have something against me, and you’re using every possible opportunity to slam me.”

“I don’t even want to dignify your delusion with a response.”

Kumuyom-palad si Yelena, sabay itiniim ang mga labi. Ramdam niya ang pag-iinit ng mga mata sa magkahalong frustrastion at inis. God, she hated this feeling.

Iniiwas niya ang titig dito at muling tumitig sa labas ng bintana.

“The rules,” matigas niyang patuloy. “Nothing sexual. Nothing illegal. That’s my limit. Kapag pinilit mo ‘yon, the deal’s off. Ilabas mo na ang gusto mong ilabas, I don’t care. It wouldn’t be worth it. Ayaw kong mapahamak kaya ayaw kong ilabas mo ang video na ‘yon. Kung gagawa ako ng mas malala na mas makakasira sa ‘kin, then, what’s the point? It’s defeating the purpose of getting into this deal with you in the first place.”

“Your logic is compelling,” sarkastikong sagot ni Rad.

“Thank you,” sarcastic din niyang balik.

“Don’t worry. I assure you, I won’t force you to do anything sexual. You’ll want to do it yourself.”

Bumaon ang mga daliri niya sa kanyang mga palad at parang mapupunit ang balat niya sa sobrang pagkuyom ng palad niya. “Now, who’s conceited?” she bit out.

“Well, you did rub yourself all over me while shoving your tongue inside my mouth last Saturday.”

Halos magliyab na ang mga pisngi niya sa init. “You’re an a*shole.”

“Is that an insult? You have to do better than that.”

Why did she kiss him? Ano ba ang sumapi sa katawan ni Yelena noong gabing iyon at hinalikan niya ito? She should have slapped him and shoved him away from her. Wala sana siyang problema ngayon kung iyon ang ginawa niya.

Matalim niyang ipinukol ang titig sa harapan.

Pumasok ang kotse sa isang exclusive subdivision. Rad used a remote control to open a gate of a wide bunggalo. Ipinarada nito ang kotse sa tabi ng isang *Mercedes Benz*.

Hindi niya napigilan ang sarkastikong ngiti. “You call me a privileged kid who lives in a bubble, yet you live in a place like this. Hi, pot, I’m kettle. Oh, you’re black.”

Lumingon ito sa kanya, at pinigilan niyang umatras. Parang may yelong gumagapang sa kanyang mga ugat sa malamig na titig nito.

“You’re really shallow,” mababang usal ng lalaki. Pinatay nito ang makina at lumabas ng kotse.

Ramdam ng dalaga ang muling pag-iinit ng mga pisngi. Inis na binuksan niya ang pinto ng kotse at lumabas din. Malalaki ang kanyang mga hakbang nang sinundan ito papasok ng bahay. “I’m shallow? Well you’re—Aww!” Bumangga siya sa matigas na likod ni Rad kaya napaatras siya at napahawak sa ilong. “Ano ba!”

“You’re noisy. Close the door.”

Bumuka ang kanyang bibig para sabihing ito ang magsara ng pinto, pero naalala ni Yelena na kailangan niya nga palang gawin ang mga ipinapagawa nito. Kinagat niya ang pang-ibabang labi sa inis at sumunod sa utos nito.

Hinarap niya si Rad. Nakatayo ito sa gitna ng malawak na living room, nakapamaywang at magkasalubong ang mga kilay.

“What?” depensa ng babae.

His scowl deepened, and she watched his jaw work and the muscles underneath his shirt move as he breathed.

Ano na naman ang problema nito ngayon? She swore this guy was worse than a girl under the influence of PMS.

“Clean the house, cook dinner, do my laundry then, do my assignments.”

Gulat na bumalik sa mukha nito ang titig niya. Nakasimangot pa rin ito sa kanya na para bang siya ang dahilan ng kaguluhan sa Syria. “What?”

“You heard me,” he snapped. Kinuha nito ang ilang notebooks sa bag nito at ibinagsak iyon sa coffee table. “Kung gusto mong makauwi bago mag-alas siete ng gabi, magsimula ka na.”

Tumalikod ito at iniwan siya sa living room.



Inis na tinitigan ni Yelena ang mga karne sa loob ng freezer ni Rad. May manok, baboy at baka roon. What was she supposed to do? She had never cooked anything more complicated than sautéed corned beef all her life!

Inis siyang umungol at napahawak sa noo. Siguro dapat ay lutuan niya ito ng sunog na pritong manok at malatang instant noodles. Then, what? Sasabihan ulit siya nitong privileged kid na walang alam sa buhay? F*ck him.

Napapikit siya at napaungol. Ngayon, nagmumura na rin siya dahil sa lalaking iyon. The f*cker! Ugh!

Nanghihinang nagmulat si Yelena at hinila ang ilang container ng karne mula sa fridge.

She supposed she should be grateful. Maglinis, magluto, maglaba at gumawa lang ng assignments ang pinagawa ni Rad sa kanya. It was a bit lame and unoriginal, actually. It

could have been way way worse.

Isinara niya ang ref at dinukot ang telepono sa balsa para maghanap ng mabilis at masustansyang recipe.

Tapos na niyang gawin ang assignments nila. Isinulat ni Yelena sa isang pad paper ang mga sagot dahil baka mahalata ng kanilang teacher at classmates na siya ang sumagot ng mga assignments nito dahil sa penmanship niya. Tapos na rin siyang maglinis ng bahay. There was nothing to clean actually. Malinis at maayos ang bahay na parang walang nakatira doon. As for his laundry, she decided to do that next day, or on the weekend. She didn't even want to think about touching his boxers and–

“Ugh!” Napapadyak siya sa inis.

Nagdesisyon siyang magluto ng tinola. Because come on, ano pa ang mas dadali sa tinola? She could definitely cook something that simple.

Nagsimula siyang maghiwa ng manok.

“Sh*t!” sigaw ni Yelena nang mahiwa niya ang hintuturo. Agad niyang isinubo iyon sa bibig at sinisip. Pagkatapos ay umungol siya. *That's so unhygienic!* inis niyang sita sa sarili.

Hinugasan niya ang maliit na sugat sa lababo at pinagpatuloy ang paghihiwa. It took her almost an hour to prepare everything. By the time she was done slicing onion and crushing ginger, she was near tears. Naiinitan na siya at napapagod na ang mga braso. And she smelled like onion and fish sauce!

“What? Tired already?”

Lumipad ang tingin ni Yelena sa lalaking nakasandal sa hamba ng pinto. Hindi kagaya niya na nakasuot pa rin ng uniform, nakapambahay na si Rad. He wore a white shirt and basketball shorts. The shirt stretched over his broad shoulders as he stood crossed arm in the doorway. His hair was damp as if he just came out of the shower, and the ends curled slightly at his nape. The hard lines and angles of his face showed no amusement, his sculpted mouth pressed in a firm line.

“I’m not,” she snapped. Inis na ibinalik niya ang titig sa mga ingredients. Isinalang niya ang kawali sa stove at binuksan ang kalan. Nilagyan niya iyon ng mantika saka hinintay iyong uminit.

“Masyadong madami ang mantika mo at masyadong malakas ang apoy,” sita ng binata.

Tinapunan niya ito ng masamang tingin.

Nakatayo pa rin ito sa may pintuan, mapang-uyam na nakatitig sa kanya. Gusto niya itong tapunan ng kumukulong mantika. He wouldn’t look so smug after that, would he?

“Go away. I know what I’m doing.”

He smirked, shook his head and walked out of the kitchen.

Hininaan niya ang apoy at binawasan ang mantika. She’d show him. Magluluto siya ng masarap na tinola at kakainin ni Rad ang lahat ng sinabi nito tungkol sa pagiging shallow at spoiled brat niya.



“Oh my God! Oh my God!” Halos madapa si Yelena sa pagtakbo papunta sa umaapoy na frying pan. “Sh*t! Sh*t! Water! Water!”

“What the hell’s going—what the f*ck!” mura ni Rad pagkapasok sa kusina at makita ang nasusunog na lutuan.

“Get water!” sigaw niya at akmang aabutin ang knob ng stove para patayin ang apoy.

Pero hinila siya ng lalaki at itinulak palayo. “Are you crazy? Back off!”

“We need water—”

“Back off!”

Humanap si Rad ng basahan at mabilis na binasa iyon ng tubig mula sa faucet. Itinapon ng binata ang tumutulong basahan sa umaapoy na pan. Umusok ang basahan pero hindi tumagos ang apoy rito. Agad din nitong pinihit pasara ang knob ng stove.

Patuloy sa pag-usok ang kawali. Kumuha ulit ang lalaki ng isa pang dish towel na binasa nito ng tubig at itinaklob din sa pan.

Kinakabahang napalapit si Yelena. “Is it okay now?”

Madilim ang mukha na humarap sa kanya ang binata. “What the hell are you doing?”

“I’m not trying to do anything! Magpiprito lang ako ng fried chicken!”

She might have hated the bastard but she was not about to commit arson! Napahawak siya sa dibdib. Malakas pa rin ang tibok ng puso niya.

“So you can’t fry chicken without burning the pan.

What? Pati ba pagpapakulo ng tubig hindi mo kaya?”

Gusto niya itong sampalin. Ito ang unang beses na nagluto siya ng kahit ano. Siyempre mahihirapan siya. Nobody’s perfect! But of course, she couldn’t even say that because he would undoubtedly sneer at her pampered life.

Binalingan ng binata ang iba niyang niluto. Tinitigan nito ang mala-lugaw na kanin at nagkukulay-brown na sabaw ng tinola. Itinaas ni Rad ang titig sa kanya, pero hindi niya magawang salubungin iyon. Yelena clenched her teeth and forced herself not to cry.

God, she wanted to die.

Bumuga ng hangin ang binata. “What is this?”

“Kanin, ano pa ba?”

“May rice cooker,” he said.

“I know,” she snapped, trying so hard to keep her voice from breaking. “I don’t know how to use it, okay? So what? I bet maraming hindi marunong gumamit ng rice cooker!”

“You mean, hindi mo alam kung gaano kadaming tubig ang dapat ilagay sa bigas?”

“I do! Tiningnan ko ‘yan sa *Google*! It said one to three fourth cups of water per one cup of rice! I followed it! Hindi ko alam kung bakit ganyan ang kinalabasan n’yan!”

What was wrong with her? Kaunti na lang at iiyak na si Yelena. And the flat look Rad gave her made her want to cry even more. He was no longer angry. He was not even sarcastic or condescending, nagtataka lang ito kung bakit hindi niya nakuha ang isang napakasimpleng instruction. She wanted to hit him.

Tumayo ang binata at naglakad palayo sa mesa. Kumuyom-palad ang babae at pinigil ang sariling ihagis ang mga plato ng pagkain sa dingding.

Dinampot ng kaklase ang home phone at nag-dial. “Yes, one *Bucket Meal*, please.”

She choked back a sob. She hated this feeling. Mariin siyang pumikit habang nag-o-order ng pagkain si Rad sa telepono. So what kung mukhang dog food ang niluto niya? It was not her fault! Sinunod niya ang sinabi sa *Google*! It was not her fault.

At least I did his assignments, pilit niyang konsuwelo sa sarili. Padabog siyang naglakad papunta sa living room. Kinuha niya ang mga libro sa coffee table, pero nahagip ng mga mata niya ang answer sheet na ginawa niya para kay Rad. May pulang sulat sa number five and seven.

Find the values of x iyon. Nilagyan nito ng cross ang solution niya at pinalitan. Mali ang pagkakagawa niya ng number line kaya mali rin ang mga range ng x niya. Inilagay nito ang tamang sagot sa tabi ng mali niyang sagot.

“We’re looking for the positive values,” sambit ni Rad mula sa kanyang likuran. “It should be negative infinity to -10 union $+10$ to positive infinity.”

It was the onion, pilit niya sa sarili. Iyon ang dahilan kaya nag-iinit ang kanyang mga mata. It was not because she felt stupid and upset. It was not because she couldn’t seem to do anything right in front of him. It was not because she tried so hard and still failed. It was not because he seemed to point out every weakness she had. Sino ba ito

sa akala nito? Diyos at si Buddha?

“I’ll pay for it,” matigas niyang hayag habang hinahanap kung saan niya inilapag ang school bag sa living room. “The ingredients and the food delivery. Pati ‘yung pan. I’ll pay.”

“No need.”

“I said I’ll pay for it!”

Hinablot ni Yelena ang bag sa couch at binuksan iyon. Kinuha niya ang wallet at naglabas ng tatlong one thousand bills. Allowance niya iyon para sa buong linggo, pero may savings siya kaya hindi siya magigipit. Isinampal niya sa coffee table ang pera saka tumakbo palabas ng bahay.

Hinagip ni Rad ang braso niya bago pa siya makarating sa pinto. “Where the hell are you going?”

“Uuwi na! Ano ba!”

“Get inside the car, I’ll drive you.”

“No need—”

“I said get inside the car, Yelena.”

“I said don’t want to!”

“Get inside the car!”

Gusto niyang kagatin ang lalaki. “Yung delivery mo!” singhal na lang niya. “You have to wait for—”

“Dadaanan ko na lang.”

Hinila siya ni Rad papunta sa kotse nito. Pero umiling siya at hinawakan ang pinto sa passenger seat bago pa iyon mabuksan ng binata.

“Sandali!”

“What?” he snapped.

Why couldn't the bastard take a hint? Gusto niyang mapag-isa. "You can't drive me home. Magugulat sina Manang!"

His eyes narrowed; his mouth tightened. He was so good at that. Ang iba ay mukhang sasabog na bulkan kapagalit. Kabaligtaran si Rad. The angrier he got, the colder and calmer he became. "What?" malamig nitong pakli.

"Baka makita ka ng mga kasama namin sa bahay. Hindi nila kilala 'tong kotse mo. I said I was with Melissa, magugulat sila kapag may nakitang naghatid sa 'kin na iba."

A muscle ticked in his jaw but he nodded. Dinukot nito ang phone nito. Kinabahan siya at hinagip ang braso nito.

"Ano'ng gagawin mo?" she asked.

"Calling a ride for you."

Gusto pa niyang makipagtalo pero tiniim na lang niya ang mga labi. *Just get this over with, damn it.* Pagod na siya. Mabigat ang pakiramdam na sumandal siya sa kotse.

Matapos nitong mag-text sa phone, sumandal din si Rad sa sasakyan at isinuksok ang cellphone sa bulsa.

Magse-seven o'clock na pero may kaunting liwanag pa rin sa langit. Malamig ang hangin sa kanyang balat, at nakatulong iyon para tangayin ang panlalagkit niya. Sigurado ang dalaga na oily na ang mukha niya. She knew she smelled awful, too. Dumikit ang amoy ng luya at patis sa kanya. And here was Rad, standing beside her—fresh, clean and freaking gorgeous as hell. The faint scent of his soap and clean skin wafted around her, and she became

even more conscious of her own scent.

“You’re blushing.”

Nanlaki ang mga mata ng babae at napalipad ang tingin niya sa kasama. Nakatitig ito sa kanya, magkasalubong ang mga kilay.

“I’m not.”

“You are.” He reached over and lightly brushed his knuckles across her hot cheek.

Pareho silang natigilan. Confusion and a spark of anger flashed in his eyes. Tumiim-bagang si Rad at marahas na binawi ang kamay. Iniwas nito ang tingin at tunitig sa harapan.

Iniwas din niya ang titig dito. Alam niyang lalong namula ang kanyang mga pisngi. Thick silence spread between them as they waited for the car.

Huminto at bumusina ang isang itim na sedan sa labas ng iron gates, at halos madapa si Yelena sa pagtakbo papunta roon.

Rad was beside her, opening the gate for her. Ito rin ang nagbukas ng pinto ng kotse. His arm brushed against her arm as he opened the door and they both jerked.

Narinig niyang mahina itong nagmura, at mabilis siyang pumasok sa sasakyan.

“Manong,” tawag ni Rad sa driver at may inabot ditong 500-peso bill.

“What’s that?” angil niya.

“Fare.”

Isinara nito ang pinto bago pa siya makapagsalita ulit.

Akmang bubuksan niya ulit ang pinto pero umandar na ang sasakyan. *What the hell was wrong with him?*

Nag-vibrate ang phone sa kanyang bulsa kaya dinukot niya iyon. May nakapa siyang papel at kunot-noo niya iyong hinila. Napaawang ang kanyang mga labi nang makitang tatlong tig-iisang libong bill iyon.

“What the...”

Napalingon siya sa bahay ni Rad, pero hindi na niya tanaw ang bungalow. Nag-vibrate ulit ang kanyang telepono. Umuungol na sinagot niya ang tawag.

“What happened? Are you okay? Nasaan ka na?”

Humugot ang dalaga ng hangin bago sinagot si Melissa. “I’m on my way home.”

“Ano’ng nangyari? Are you okay? You don’t sound good, Yelena.”

Muli siyang napatitig sa tatlong one-thousand-peso bills. Malamang inilagay iyon ni Rad sa bulsa niya nang buksan nito ang pinto ng kotse para sa kanya. The bastard was mocking her.

Kumuyom-palad siya at isinuksok ang pera sa bulsa. “I’m okay, Melissa,” pagsisinungaling niya.

And by God, she’d be okay. She’d show him.